


Filipino

Ikaapat na Markahan – Modyul 7: NOLI ME TANGERE Ang Hantungan



Filipino– Ikasiyam na Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikaapat na Markahan– Modyul 7: NOLI ME TANGERE – Ang Hantungan
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulangbayad. Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mgaiyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbagsaanomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul			
Manunulat:	Gina B. Acoymo	Iresh P. Duran	Gerlyn S. Banlos
Editor:	Lindo O. Adasa, Jr. July G. Saguin	Susan S. Bellido Philip D. Caermare	
Tagasuri:	Jephone P. Yorong		
Tagaguhit:	Edgardo P. Jamilar, Jr.		
Tagalapat:	Peter A. Alavanza	Gilbert R. Esguerra	
Tagapamahala:	Dr. Isabelita M. Borres Eugenio B. Penales Sonia D. Gonzales Felix Romy A. Triambulo Ella Grace M. Tagupa Jephone P. Yorong		

Inilimbag sa Pilipinas ng Departamento ng Edukasyon-Rehiyon IX

Office Address: Regional Center, Balintawak, Pagadian City

Email Address: region9@deped.gov.ph

Filipino

**Ikaapat na Markahan–Modyul 7:
NOLI ME TANGERE
Ang Hantungan**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin



Kumusta ka, mag-aaral? Binabati kita dahil natapos mo ang iyong paggalugad sa mga paunang kabanata ng Noli Me Tangere. Muli, ako ang iyong guro na gagabay sa iyong paglalakbay patungo sa bagong kaalaman.

Maligayang araw ng panibagong pagkatuto! Alam kong sabik ka ng ipagpatuloy ang pagtalakay sa nobelang Noli Me Tangere.

Handa ka na bang malaman ang mga pangyayaring naganap sa Ang Hantungan ng Noli Me Tangere?


Dito natin sisimulan ang bagong yugto ng iyong pag-aaral.

Ang modyul na ito ay naglalaman ng mga Kabanata 46-64 sa temang “Ang Hantungan”. Matutunghayan mo rin kung paano masusuri ang isang dulang panteatro batay sa pamantayan. Alamin mo ngayon ang layunin ng modyul na ito upang magabayan ka pagsasagawa ng mga gawain sa araling ito.

Inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan at pag-unawa:

1. Nasusuri ang pinanood na dulang panteatro na naka-video clip batay sa pamantayan.

(F9PD-IVi-j-60)



Subukin

Panuto: Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

A. Basahin at unawaing mabuti ang mga tanong. Pagkatapos ay piliin ang mga sagot sa kahon na inilalarawan sa bawat bilang.

Bida

Pagsusuri

Artista

Dula

Teatro

1. Ito ay pag-aanalisa o pag-oberba upang mabigyang-linaw ang mga tanong ukol sa pinanood.
2. Ano ang tawag sa uri ng panitikan na naglalayong maitanghal sa isang entablado? Mayroon itong isa o higit pang yugto ng mga pangyayari na nagbibigay ng aliw at kapupulutan ng aral.
3. Tinatawag din itong tanghalan, bulwagan o dulaan kung saan ginaganap ang sining sa kaalaman ng pag-arte.
4. Ito ay tawag sa mga nagsisiganap ng papel sa isang pagtatanghal.
5. Tawag sa may pangunahing papel sa itatanghal na dula.

B. Lagyan tsek (/) kung ang sumusunod ay bahagi sa pagsusuri ng isang dula at ekis (X) kung hindi.

- ___ 1. Ang mga tunog at musikang ginamit sa pagtatanghal ay mahusay.
- ___ 2. Ang kasuotan at make-up ng mga tauhan ay angkop na angkop.
- ___ 3. Mahusay na nagampanan ng mga artista ang kanilang naging papel.
- ___ 4. Gumamit ng malayang taludturan ang manunulat.
- ___ 5. Makabuluhan ang bawat talata dahil sa husay ng pagpapaliwanag.

Aralin

1

NOLI ME TANGERE

Ang Hantungan

(Kabanata 46-64)



Sa araw na ito ay malalaman mo ang pangyayari sa mga panghuling kabanata ng Noli Me Tangere.

Bilang integrasyon ay matututuhan mo rin dito ang dagdag pang mga kaalaman tungkol sa pagsagawa ng pagsusuri ng dulang panteatro na maglilinang sa iyo upang maging kritikal at mapanuri, na mahahalagang kasanayang dapat taglayin ng mag-aaral sa ika-21 siglo.

Nawa'y masiyahan ka sa iyong pagbabasa nito at sana'y maantig ang damdaming nasyonalismo sa iyong puso.

Kaya halina't simulan ang mga gawain.



Balikan

Sa nagdaang modyul na pinamagatang “Ang Babala” ay mararamdamang higit na naging kapana-panabik ang mga pangyayari sa nobela. Sagutin ang mga tanong sa ibaba:

1. Ano ang kanilang naging suliranin?

2. Paano nila nilutas ang suliraning ito?



Mga Tala para sa Guro

May mga inihandang karagdagang pagsasanay na tutulong sa mga mag-aaral upang tuklasin ang sariling damdamin sa tinalakay na pangyayaring naganap sa buhay ng tao sa loob ng nobela.



Tuklasin



Bilang bahagi ng paghahanda sa araling ito, mahalagang pag-aralan mo muna ang mga salitang ginamit sa kabanata. Handa ka na ba? Simulan na natin.

Gawain: Paglinang ng Talasalitaan

Panuto: Piliin mula sa kahon sa ibaba ang kahulugan ng mga salitang may salungguhit sa bawat pangungusap. Isulat ang sagot sa iyong kwaderno.

Nayayamot	Manggagawa	Panlalait
Kinumbinsi	Nalulungkot	Humiwalay
Pinagmasdang maigi	Pag-iisip nang malalim	
Pighati	Naisiwalat	Pasilyo

1. Hinimok siya ni Elias na magbagong-buhay at pinangakuang kakausapin ang isang lalaking mayamang pinaglingkuran niya na sa tingin niya'y makatutulong sa kanilang mga api.
2. Kinikilatis ng mga manonood ang bawat salpukan at bagsakan ng mga manok, hanggang sa dumanak ang mga dugo ng isang talo.
3. Sa kanilang paglalakad ay nababanas siya kapag hindi nagbibigay-pugay sa kanila ang kanilang nakakasalubong.
4. Nagpalitan ng pang-aalipusta at kinalkal ang personal nilang mga buhay na kapwa nila ikinasira lalo na't ito ay nasaksihan ng maraming tao.
5. Hiningi niya kay Nol Juan ang listahan ng mga obrero.
6. Lumihis sila ng landas.
7. Napagmuni ni Padre Damaso na pinaninindigan ni Maria ang kanyang sinabi, kaya humingi ito ng tawad sa kanya.
8. Naibulgar ang pagkatao ng dalawa dahil sa liwanag, sina Elias at Lucas.
9. Sa kabila naman ay naglakad-lakad si Padre Salvi sa loob ng bulwagan.
10. Nang tumugtog ang kampana, biglang dumating si Ibarra na mukhang luksang-luksa sa suot.



Basahin mo muna ang mga buod ng kabanata 46-64 ng nobela. Pagkatapos ay basahin mo rin ang ilang impormasyon ukol sa pagsusuri ng dulang panteatro. Matapos magkaroon ng kaalaman ukol sa ating paksa ay subukin mo ang iyong kakayahan sa pagsagawa ng isang pagsusuri. Panoorin mo ang link na: <https://m.facebook.com/story.php?storyfbid=3225269984183174&id=1000001006112068>.

Kabanata 46

ANG MGA API

Nang mabalitaan ni Elias ang nangyari sa matanda, agad itong kumilos. Ginugol niya ang kanyang panahon sa kabundukan upang hanapin ang taong tumulong sa kanya ilang buwan na ang nakalipas. Ang lalaking ito ay si Pablo o kilala sa tawag na Ka Pablo. Napadpad siya sa yungib, nabungaran niya ang labinlimang kalalakihan na kapwa marurungis ang itsura, may isang lalaki na nagdala sa kanya sa ilalim ng yungib. Madilim sa ilalim ng yungib na ang tanging nakatanglaw ay ang liwanag mula sa mga lamparang naroroon. Mas pinili ni Pablo namagtago kaysa dumanak pa ang maraming dugo ng mga taong walang kasalanan. Nagtatago sila sa yungib sapagkat itinuturing na silang rebelde – mga taong kalaban ng pamahalaan Espanyol.

Ibinahagi ni Pablo ang mapait niyang pinagdaanan at ng kanyang pamilya. Hinimok siya ni Elias na magbagong-buhay at pinangakuang kakausapin ang isang lalaking mayamang pinaglingkuran niya na sa tingin niya’y makatutulong sa tulad nilang mga api. Bagaman may duda si Pablo ay nananalig siya kay Elias.

Kabanata 47

ANG SABUNGAN

Kadikit na sa kulturang Pilipino ang pagsasabong ng manok. Ang sabong ng mga manok ay isang sugal na kinagigiliwan kadalasan ng mga kalalakihan. Nagsusugal si Kapitan Tiago, marami ang mga nakikipusta sa kanyang tinali. Nang magsabong na ang manok na pula at puti, ang mga manonood at mamumusta ay kapwa pigil sa kanilang mga kilos pati na ang hininga. Kinilatis ng mga manonood ang bawat salpukan at bagsakan ng mga tinali, hanggang sa dumanak ang dugo ng talunan.

Sa kabilang banda ay nagsisihan na ang magkapatid na Tarsilo at Bruno sapagkat naipusta na nilang lahat ang kanilang pera, sinisi ni Tarsilo ang nakabatang kapatid nang maubos ang pera nila sa papusta sa natalong manok. Naulinigan ni Lucas ang palitan ng salita ng magkapatid, dumaan siya sa harap ng dalawa na kinakalansing ang pilak na pera. Sumunod sa kanya si Bruno, nagsusumamong pahiramin siya ng pera ni Lucas kahit na doble ang kabayaran nito. Pinagtapat niyang hindi sa kanya ang pera. Pinahiram ni Lucas si Bruno kapalit ang isang kasunduan.

Kabanata 48

ANG DALAWANG DONYA

Namasyal sina Donya Victorina at kanyang asawa sa kabayanan upang personal namakita ang bahay ng mga Indio, na ayon sa kanya ay napakapangit. Sa kanilang paglalakad ay *nababanas* siya kapag hindi nagpupugay sa kanila ang kanilang mga nakakasalubong. Inutusan niya ang kanyang pilay na asawa na paluin ng sombrero ang sinumang hindi magbibigay-pugay sa kanila subalit tumanggi ito dahil sa kanyang kapansanan.

Nang mapadaan ang Donya sa tapat ng bahay ng Alperes ay nagtama ang paningin nila ng nakadungaw na si Donya Consolacion. Nagkatitigan sila nang walang kakurap-kurap. Si Donya Consolacion na musa ng mga guardia sibil ay nanunukat ng tingin ngunit nagalit ito ng dumura si Donya Victorina sa tapat ng bahay ng Alperes.

Sumugod si Donya Consolacion at nagsagutan ang dalawa. Nagpalitan ng *pang-aalipusta* at kinalkal ang personal nilang mga buhay na kapwa din ikinasira nila lalo na't ito ay nasaksihan ng maraming tao.

Dumating ang kura at sila'y pinatitigil ngunit ito'y binulyawan lamang ng Alperes. Nagalit nang husto si Donya Victorina kaya inutusan ang asawa na hamunin ang Alperes gamit ang rebolber ngunit hindi ito pumayag kaya't hinablot ng Donya ang pustiso at tinapakan sa kalsada sabay uwi sa bahay ni Kapitan Tiyago.

Kabanata 49

ANG TALINGHAGA

Pumunta si Ibarra sa bahay ni Kapitan Tiyago upang dalawin ang iniibig at ibalita na siya ay hindi na ekskomunikado. Napalitan ang saya ni Ibarra nang maabutang nasa balkonahe sina Maria Clara at Linares.

Namutla si Linares at napipi naman si Maria Clara nang makita nito ang bagong dating. Nais sana niyang lapitan ito subalit hindi niya nagawa dahil sa panghihina. Lumapit si Crisostomo at kinausap ang iniibig ngunit kaagad ding uumalis at ibinilin siya'y muling dadalaw sa dalaga.

Magulo ang isip ni Crisostomo dahil sa nakita sa bahay ni Kapitan Tiyago. Ang nakita niya ay hindi niya mapagwari. Nagtungo siya sa ipinatatayong paaralan at doo'y nakausap si Nol Juan. Ibinalita rin niya sa mga trabahador na siya'y hindi na ekskomunikado.

Natagpuan ni Ibarra si Elias na kasama ang mga manggagawa. Hiningi niya kay Nol Juan ang listahan ng mga *obrero*. Nilapitan niya si Elias at inaya siya nito na mamangka upang pag-usapan ang mahalagang bagay. Pumayag si Ibarra at inabot ni Nol Juan ang listahan at wala ang pangalan ni Elias.

Kabanata 50

ANG TAGAPAGBALITA NG MGA API

Humingi ng paumanhin si Elias dahil sa paggambala niya kay Ibarra. Agad sinabi ni Elias ang kanyang pakay at sinabing si Ibarra ay sugo ng *sawimpalad*. Ipinaliwanag niya na napagkasunduan ng mga pinuno ng tulisan na si Kapitan Pablo na humingi sila ng makaamang pagtangkilik sa gobyerno at pagkakaloob ng kaunting karangalan sa pagkatao. Hihingin nila kay Ibarra ang ilang bagay tulad ng pagbabago sa pamahalaan, pagbibigay katarungan, pagbawas sa kapangyarihan ng mga guardiya sibil at pagkilala sa dignidad ng mga tao.

Sinabi ni Ibarra na anumang pagbabago sa halip na makabubuti ay lalo pang makakasama. Maaari daw niyang gamitin ang kanyang kayamanan at impluwensya sa kaibigan sa Madrid ngunit alam nitong hindi sasapat sa pagbabagong hinihingi nila. Hindi siya gagawa ng anumang pagkilos sa mga bagay na nabanggit ni Elias.

Nagtaka si Elias sa naging tugon ni Ibarra. Nagkaroon ng palitan ng diskusyon hinggil sa kanilang napag-usapan. Kapwa mahal nila ang bayan pero hindi nito nakumbinsi si Ibarra sa pakiusap ng mga sawimpalad.

Kabanata 51

MGA KAAK NI ELIAS

Inilahad ni Elias ang kasaysayan ng kanyang angkan kay Ibarra. Dito ibunyag niya na sila'y sawimpalad.

Ang kanyang *nuno* ay isang *tenedor de libros* sa isang bahay-kalakal ng mga Kastila. Kasama ang kanyang asawa at anak na lalaki sila ay naninirahan sa Maynila. Isang gabi nasunog ang tanggapang pinaglilingkuran niya. Isinakdalang kanyang nuno sa salang panununog. Dahil sa mahirap at walang pambayad ng abogado kaya siya ay nahatulan. Dumanas ng hirap ang kanyang nuno na noon ay buntis ang asawa. Dahil sa pangyayari namundok ang mag-asawa ngunit namatay ang kanilang anak. Hindi nakayanan ng nuno ang sinapit at ito'y nagpakamatay. Hindi naipalibing ng asawa ang bangkay nito dahil sa walang pera kaya't nangamoy ang bangkay at nalaman ng awtoridad. Nais nilang parusahan ang babae subalit ito'y buntis kaya't ipinagliban na lang ito.

Lumipat sa malayong lugar ang babae at doon nanganak. Naging tulisan ang panganay at ang bunso ay nananatiling matino. Nagpatiwakal din ang anak na panganay at ang bunso ay nagpakalayo-layo.

Napadpad siya sa Tayabas at doon ay naging obrero. Nagustuhan siya ng lahat dahil sa mabuting ugali at nakahanap ng mapapangasawa. Mayaman ang babae at pinaghiwalay sila ng magulang nito dahil sa napag-alaman nito ang kanyang pinagmulan. Buntis ang babae at nagsilang ng kambal, sina Elias at ang kapatid nitong babae.

Bata pa sila ay iminulat na sa kanila na patay na ang kanilang ama. Nakapag-aral ang kambal dahil sa maykaya naman ang kanilang nuno. Ngunit ang kanilang kahapon ang nagwasak sa kanilang kinabukasan. Naging mapagmataas sila dahil sa salapi. Isang malayong kamag-anak ang nagpamukha sa kanilang kahapon. Ito ay ang kanilang ama na namatay na naghihinagpis dahil sa pag-aakalang siya ang dahilan ng kasawian ng magkakapatid. Nagpatiwakal naman ang kapatid na babae ni Elias dahil sa matinding kalungkutan nang iniwan ito ng lalaking minamahal kaugnay parin ng kanilang nakaraan. Napunta si Elias sa iba't ibang lugar bunga ng iba-ibang pagbibintang tungkol sa kanya.

Tinapos ni Elias ang kanyang pagsasalaysay at nagkaroon ng palitan ng pananaw kay Ibarra. Sinabi ni Ibarra na siya'y nakikiisa sa kanilang nararamdaman subalit wala siyang magagawa kundi maghintay sapagkat ang kasamaan ay hindi maitatama ng isa pang kasamaan. Naghiwalay sila at si Elias ay nagtungo sa kuta ng mga tulisan at nangakong aanib sa kanila sa kabila ng tugon ni Ibarra.

Kabanata 52 **ANG MASWERTENG BARAHA**

Sa isang malamig na gabi, tatlong anino ang nag-uusap sa may pintuan ng libingan. Sabi ng isa, kung nakausap na ba nito si Elias. Sumagot naman ang isa pang anino na hindi pa ngunit tiyak siyang kasama ito dahil minsang nailigtas ni Ibarra ang buhay nito.

Tumugon ang isa pang anino na ito raw ay pumayag na sumama sapagkat ipadadala ni Ibarra sa Maynila ang kaniyang may karamdamang asawa. Sasalakay daw siya kumbento. Sabi naman ng ikatlong anino na sa kwartel sila susugod para ipabatid sa mga gwardiya sibil na may anak na lalaki ang kanilang ama.

May dumating na isa pang anino at sinabing sinusubaybayan siya kaya naghiwa-hiwalay daw sila. Sinabi rin nito na kinabukasan ay tatanggapin na nila ang kanilang mga sandata, sabay sigaw ng "Mabuhay si Don Crisostomo!" Naiwan ang dalawang anino sa pinto. Naisipan nilang magsugal. Ang sabi ng isa, kung sino raw ang manalo ay maiiwan upang makipagsugal naman sa mga patay. Naibulgar ang pagkatao ng dalawa dahil sa liwanag, sina Elias at Lucas.

Kabanata 53 **ANG MABUTING ARAW AY NAKIKILALA SA UMAGA**

Nagpunta ang kura sa bahay ng Alperes upang ibalita rito ang pinaplanong pag-aaklas at paglusob sa kuwartel. Nalaman daw ito ng kura dahil sa isang babaeng nagkumpisal. Pinaghandaan ng kura at ng Alperes ang sinasabing pag-aaklas. Nagtalaga sila ng mga guwardiya sibil sa kumbento habang lihim na nakamasid ang mga sibil sa kuwartel.

Dali-dali ring nagpunta sa bahay ni Ibarra si Elias. Natagpuan niya ito sa laboratoryo. Sinabi nito ang planong pag-aaklas natiyak na si Ibarra ang ituturong

nagbayad sa kilusan na lulusob. Dahil dito, susunugin nila ang mga aklat at kasulatan ni Ibarra na maaaring magamit na ebidensya laban sa kaniya. Nakita ni Elias ang isang kasulatan tungkol kay Don Pedro Eibarramendia. Itinanong ni Elias kung kaano-ano ito ni Ibarra. Sumagot siya na nuno raw niya ito.

Nanginig sagalit si Elias sapagkat ang Don na iyon ang nagpahirap sa kaniyang nuno. Nais na sanang gamitin ni Elias ang balaraw kay Ibarra. Ngunit natauhan ito at umalis na lamang.

Kabanata 54 **LAHAT NG LIHIM AY NABUBUNYAG**

Nagpapahiwatig din ang kabanatang ito sa kagandahan ng loob, pagpapakita ng respeto at pagkamadasalin ng mga mamamayan. Sinasabi rin dito na walang lihim na hindi nabubunyag. Lihim na akala mo'y maitago sa lahat ng panahon, lalo na ang kasamaan at panlilinlang. Hindi mo lang alam na ito'y mabubunyag sa 'di inaasahang panahon.

Sa ginawang panlilinlang ni Elias kay Ibarra di niya alam na doon din niya malaman ang katutuhanan. May ugali ang kura na si Padre Salvi na hindi patas ang pagtrato sa kapwa na maihalintulad sa isang kambing na sumisira sa bakuran ng buong kabahayan.

Kabanata 55 **ANG PAGKAKAGULO**

Sa kabanata na ito, ipinakita ang pagkakagulo ng mga tao sa bayan ng San Diego. Oras na ng hapunan pero walang gana si Maria. Niyaya niya si Sinang upang tumugtog ng piyano. Sa kabila naman ay naglakad-lakad si Padre Salvi sa loob ng bulwagan. Habang hinihintay si Ibarra, hindi mapakali si Maria at ang mga kaibigan nito.

Nang sumapit ang ikawalo ng gabi, nasa may sulok ang pari, samantala ang magkaibigan ay hindi alam kung ano ang dapat nilang gawin. Nang tumunog ang kampana, biglang dumating si Ibarra na mukhang luksang-luksa sa suot. Sinubukan ni Maria nalapitan ang kasintahan ngunit may biglang pumutok nabaril sa labas. Natakot ang mga tao at nagtago. May mgasumisigaw ng "tulisan" sa loob ng bulwagan. Nang matapos na ang gulo, tiniyak ng Alperes na wala nang panganib sa labas at siniguradong maayos na ang lahat.

Kabanata 56
ANG MGA SABI AT KURO-KURO

Pagkatapos ng kaguluhan, kinabukasan ay takot na takot pa rin ang mga mamamayan ng San Diego. Ang mga tao ay nagtatago lamang sa kani-kanilang mga tahanan at ni walang makita na tao sa mga daan. Nang may bata nanagbukas ng bintana, sumunod din ang mga magkakapitbahay. Napag-usapan nila ang pagsalakay ni Kapitan Pablo.

Nasa mga kuwadriyero din ang pagdakip kay Ibarra. May usap-usapan din na tinangka ni Ibarra na itanan ang kasintahang si Maria upang hindi matuloy ang pagpapakasal nito kay Linares. Kaya pinatigil ni Kapitan Tiago ang pagtatanan ng magkasintahan sa tulong ng guwardiya sibil. Napatunayan din na totoo ang usap-usapan tungkol sa magkasintahang Ibarra at Maria, kaya sinunog ng mga sibil ang bahay ng binata.

Kabanata 57
VAE VICTUS

Naging mahigpit ang mga sibil sa pakikutungo nila sa taong bayan ng San Diego. Kahit mga bata ay hindi nila pinalalampas at pinaghihigpitan. Sa kabanatang ito ay nasa kwartel sina Alperes, Direktorsillo, Donya Consolation, at ang Kapitan. Sila ay may bahid ng kalungkutan sa kanilang mga mukha.

Nang mga ikasiyam ay dumating ang Kura at itinanong sa Alperes ang tungkol kay Ibarra at Don Filipino. May batang nakasunod sa kanya na umiiyak at duguan. Tuluyang iginiit ng Kura na si Ibarra ang may pakana sa paglusob at kaguluhan sa bayan. Sapagkat ang di nila alam ay nagawa lamang ni Ibarra iyon dahil sa nais naipaghiganti ang kanyang yumaong ama na pinatay ng mga guwardiya sibil. Nang walang makuha ang Sibil na impormasyon galing kay Tarsilo, itinimba nila ito sa isang balon na nakabaliktad ang sikmura. Ilang beses rin nilang paulit-ulit na ginawa ito kay Tarsilo, hanggang sa namatay nalang ito.

Kabanata 58
ANG ISINUMPA

Ang mga pamilya ng mga na bilanggo ay ilang araw nang tuliro at pagod. Ilang araw na rin silang umiiyak dahil sa sinapit ng kanilang mahal sa buhay. Nagkasakit ang Kura kaya ang Alperes ang pumalit bilang bantay. Samantalang ang Kapitan naman ay nawawalan na ng silbi.

Maging ang mag-ina ni Don Filipino ay walang tigil sa pag-iyak habang naglalakad. Inuusal naman ni Kapitana Tinay ang pangalan ng kanyang anak na si Antonio. Sinisilip naman ni Kapitana Maria ang kanyang kambal na anak. Isang araw ay napalabas ang mga bilanggo, kasama si Ibarra. Ngunit ang lahat ay galit na galit sa kanya. Walang sinuman ang tumawag sa kanyang pangalan.

Nang siya ay lumabas na walang gapos kasama ang dalawang kawal, umangal ang mga tao na kung sino pa ang may sala siya pa ang walang tali.

Kabanata 59 PAG-IBIG SA BAYAN

Naihayag sa mga diyaryo sa Maynila ang nangyaring paglusob ng mga inapi o sawimpalad. Iba-ibang estilo at uri ng balita ang nailathala. Maligalig ang mga tao sa kumbento at kaniya-kaniyang bigay ng kanilang pahayag.

Usapan naman sa ibang kumbento na ang mga nag-aaral sa Ateneo ay mga pilibustero. Hindi naman mapakali si Kapitan Tinong mula sa Tondo naminsang tumulong kay Ibarra. Nagagalit kasi ang asawa niyang si Tinchang dahil dapat daw nasa Kapitan-Heneral ang kaniyang paglilingkod at di sa mga naghihimagsik.

Dumating ang pinsan ni Tinchang na si Don Primitivo. Sinabihan nito si Tinong na gumawa na ng huling habilin dahil sa pakikipagkaibigan kay Ibarra. Nahimatay ito dahil sa narinig. Nang magising, pinayuhan siya ni Primitivo na bigyan ng anumang regalong mamahalin ang heneral at sabihing pamasko ito. At sunugin ang anumang kasulatang mayroon si Tinong na mula kay Ibarra.

Usap-usapan naman sa Intramuros ang nangyaring pag-aaklas. Marami ang nagsasabing taksil daw si Ibarra dahil sa nangyari. Sinabi pang ang paaralan ay para lamang sa pansariling mga plano nito. Nag-imbita naman ang pamahalaan ng ilang mag-anak sa Tondo para sa pagtulog sa *Fuerza de Santiago*, kabilang si Kapitan Tinong.

Kabanata 60 IKAKASAL NA SI MARIA CLARA

Maligaya si Kapitan Tiago dahil siya ay hindi man lang nausig ng pamahalaan. Kabaligtaran ni Tinong na mula nang imbitahan ng pamahalaan ay hindi na nakausap nang maayos at hindi na rin lumalabas. Dumating naman ang mga De Espadaña sa bahay ni Tiago kasama si Linares.

Sinabi ni Donya Victorina na nararapat lamang na maparusahan si Ibarra dahil sa ginawa niya. Hinarap ni Maria Clara ang mga bisita. Napag-usapan ang kasal nina Maria at Linares. Payag na si Tiago na ikasal si Maria kay Linares dahil tagapayo ito ng Kapitan Heneral.

Kinabukasan, napuno ng bisita ang bulwagan ni Kapitan Tiago. Naroon ang mga Tsino, mga paring sina Salvi at Sibyla. Naging usap-usapan ang pagpapakasal ni Maria kay Linares. Sabi ng ilan ay ginagawa lamang daw ito ni Maria dahil papaslangin na si Ibarra.

Nagtungo si Maria sa asotea. Nakita niya sa isang lumang bangka sina Elias at Ibarra na tumatakas. Sandaling nag-usap ang dalawa at sinabi ni Maria nasi Ibarra pa rin ang mahal nito. Umalis narin ang dalawa pagkatapos makipag-usap kay Maria.

Kabanata 61

ANG BARILAN SA LAWA

Habang mabilis na sumasagwan si Elias, sinabi niya kay Ibarra na itatago siya sa bahay ng isang kaibigan sa Mandaluyong. Ang salapi ni Ibarra na itinago niya sa may puno ng Balite sa libingan ng ninuno nito ay kanyang ibabalik upang may magamit si Ibarra sa pagpunta nito sa ibang bansa. Nasa ibang lupain daw ang katiwasayan ni Ibarra at hindi nababagay na manirahan sa Pilipinas, dahil ang buhay niya ay hindi inilaan sa kahirapan. Inalok ni Ibarra na magsama na lang sila ni Elias, tutal pareho na sila ng kapalaran at magturingan na parang magkapatid. Pero, tumanggi si Elias.

Nang mapadaan sila sa tapat ng palasyo, napansin nilang nagkakagulo ang mga bantay. Pinadapang mabuti ni Elias si Ibarra at tinakpan ng maraming damo. Nang mapadaan sila sa tapat na *polvorista*, sila'y pinatigil at tinanong ng bantay si Elias kung saan ito nanggaling. Ipinaliwanag ni Elias na siya'y galing ng Maynila at rarasyunan niya ng damo ang hukom at ang Kura. Kumbinsido ang bantay sa paliwanag ni Elias kaya pinatuloy niya ito sa pagsasagwan at pinagbilinan na huwag magpapasakay sa bangka sapagkat katatakas pa lamang ng isang bilanggo. Kung mahuhuli raw ito ni Elias, siya ay bibigyan ng gantimpala. Inilarawan ng bantay ang bilanggong tinutukoy ay nakalebita at mahusay magsalita ng Kastila. Nagpatuloy sa pagsasagwan si Elias. Lumihis sila ng landas. Pumasok sila sa may ilog-Beatang inawit ni Balagtas upang akalaing siya ay taga-Peñafrancia.

Kabanata 62

ANG PAGTATAPAT NI PADRE DAMASO

Umaga, hindi pansin ni Maria ang maraming regalo na nakabunton sa itaas ng hapag. Ang mga mata niya ay nakapako sa diyaryong nagbabalita tungkol sa pagkamatay o pagkalunod ni Ibarra. Pero, hindi naman binabasa ni Maria ang diyaryo. Maya-maya pa, dumating si Padre Damaso na hinilingan kaagad ni Maria na sirain ang kasunduan ng kanyang kasal kay Linares at pangalagaan ang kapakanan ng ama. Sinabi ni Maria na ngayong patay na si Ibarra walang sinumang lalaki ang kanyang pakakasalan. Dalawang bagay na lamang ang mahalaga sa kanya, ang kamatayan o ang kumbento.

Napagmuni ni Padre Damaso na pinaninindigan ni Maria ang kanyang sinabi, kaya humingi ito ng tawad sa kanya. Napahagulgol pa ito ng malakas habang binibigyang-diin niya ang walang kapantay na pagtingin kay Maria. Wala siyang nagawa kundi pahintulutan na pumasok sa kumbento si Maria kaysa piliin nito ang kamatayan. Umalis si Padre Damaso na sakbibi ng lumbay. Tumingala ito sa lagit at pabulong na sinabing totoo ngang may Diyos na nagpaparusa. Hiniling niya sa Diyos na siya ang parusahan at huwag ang walang malay niyang anak na nangangailangan ng kanyang pagkalinga. Ramdam na ramdam ng Pari ang kasiphayuang dinaranas ni Maria.

Kabanata 63

NOCHE BUENA

Sa isang kubo sa dampa sa bundok ay doon namalagi si Basilio na natagpuan ng isang pamilya. Samantala, Noche Buena sa San Diego. Ngunit kapansin-pansin na malungkot ang lahat dahil sa mga lumipas na pangyayari. Nakatanggap ng liham si Sinang mula kay Maria ngunit ayaw niya itong basahin. Nakarating naman si Basilio sa San Diego at hinanap ang ina sa kanilang tahanan ngunit wala ito roon. Patuloy siyang nag-ikot-ikot at nakita niya sa bahay ng alperes si Sisa at biglang tumakbo. May bumato sa ulo ni Basilio ngunit di niya ito alintana. Nakarating sila sa libingan. Hindi siya makilala ng ina na nawalan ng malay. Nawalan din ng malay si Basilio dahil sa pagod at sugat na tinamo. Nang magising, nakita niya si Sisa na wala na nang buhay. Hindi alam ni Basilio ang gagawin nang dumating ang mahinang si Elias. Sinabi nito na may malaking pera sa ilalim ng balete at gamitin daw ni Basilio ito sa kaniyang pag-aaral. Humarap sa langit si Elias at sinabing masaya siyang mawalan ng buhay na nasisilayan ang liwanag.

Kabanata 64

ANG KATAPUSAN

Matapos pumasok sa kumbento si Maria Clara ay nanirahan siya sa Maynila, Doon ay namatay siya na may sama ang loob. Si Padre Salvi naman habang naghihintay na maging Obispo ay nanungkulan pansamantala sa Beateryo ng Sta Clara kung saan naroroon si Maria Clara. Kasunod nito ay umalis na rin siya sa San Diego at namalagi sa Maynila. Ilang linggo naman bago naging ganap na mongha si Maria Clara ay nakaranas si Kapitan Tiago ng kahirapan sa pangangatawan, naging mapag-isip at nawalan ng tiwala sa mga kainuman. Mula sa kumbento ay sinabihan niya si Tiya Isabel na umuwi na ito sa Malabon o sa san Diego sapagkat gusto na lamang niyang mabuhay na mag-isa.

Alam mo ba na.....

Ang Dulang Panteatro/Pantanghalan ay isang uri ng panitikan. Ito ay isang masining na kathang isinulat upang itanghal sa entablado. Ito'y may mga artistang gumaganap sa mga papel ng mga tauhan ng akda.

Ang isang mabuting dula o drama ay nagbibigay kasagutan sa isang malalim na suliraning naglalarawan ng kalikasan ng tao at nagtatanghal ng pagtutunggalian ng mga kalooban at mga damdamin. Ang pang-akit ng dula ay nasa mahusay na pagkakayari, ang pagsidhi nang pagsidhing takbo ng pangyayari hanggang dumating sa lalong kapana-panabik na sandal at magbuhat doo'y pabulusok na sisid sa wakas.

Ang pangunahing tauhan ay laging nahaharap sa isang katunggaliang lakas sapagkat narito ang kaluluwa ng dula.

Narito ang ilang paalala ukol sa pagsasagawa ng pagsusuri

Panooring mabuti ang video clip. Sino-sino ang mga tauhan? Saan ang tagpuan? Mahusay ba ang pagkakasulat sa iskrip? Akma at kapani-paniwala ba ang mga kasuotan? Ano ang aral ng dula? At iba pa.

1. Mahalagang maging patas at suriing mabuti ang kabuoan ng pagtatanghal.
2. Kailangang may maayos na paliwanag at dahilan ang mga pagsusuring ilalahad mo.
3. Makabubuti rin kung ilalahad mo ang magagandang puntos na nakita sa napanood kasabay ng kung anumang nais mong punahin.



Binabati kita sa iyong pagsisikap na mabigyang kahulugan ang salita ayon sa hinihingi. Muling basahin at suriin ang ang bawat kabanata. Pagkatapos sagutin ang mga tanong at pagsusuri na kasunod nito.



Suriin

Gawain 1

Sagutin ang mga sumusunod na tanong. Gawin ito sa kuwaderno.

1. Makatarungan ba ang pagtatago ni Pablo sa loob ng yungib? Pangatwiranan ang sagot.

2. Sa kalagayan ni Maria Clara, nararapat bang maging sunod –sunuran sa mga taong nasa kanyang paligid? Ibigay ang iyong saloobin dito.

3. Ilarawan ang ugaling ipinakita ng dalawang Donya? Dapat ba silang tularan? Ipaliwanag.

4. Ano ang hiniling nina Elias at ng mga tulisan kay Ibarra? Bakit hindi sumang-ayon si Ibarra sa kagustuhan nila?

5. Kung ikaw si Crisostomo, anong mararamdaman mo nang makita sina Maria Clara at Linares na magkasama sa balkonahe? Ipaliwanag ang sagot.

6. Bakit pilit pinatatakas ni Elias si Crisostomo Ibarra?

7. Paano pinaghahandaan ni Ibarra ang kanyang pag-alis?

8. Ano ang dahilan ng kaguluhan sa lawa? Bakit may nangyaring barilan? Sino ang namataan at bakit?

9. Bakit namatay si Padre Damaso? Ano ang sanhi ng kayang kamatayan?

10. Paano winakasan ni Rizal ang kanyang unang nobela? Nagustuhan mo ba ito? Kung ikaw ang masusunod paano mo ito wawakasan?

Gawain 2

1. Ano ang pamagat ng pagtatanghal/dula pinanood sa youtube?

2. Tungkol saan ang tema o paksa ng pinanood? Maglahad ng maikling introduksiyon ukol sa pagtatanghal.

3. Sino ang manunulat, direktor, at mga artistang gumanap?

4. Saan ito itinanghal o ginanap?

5. Kailan ito itinanghal at kailan ka nanood?



Pagyamanin



Upang higit pang mapalawak ang iyong kaalaman sa paksang pinag-aralan, subuking sagutan ang mga gawaing nakapaloob sa bahaging ito.

Sagutin ang mga tanong sa kuwaderno.

1. Ang pagtatanghal ba ay nakalilibang at kawili-wili? Patunayan.

2. Nagustuhan mo ba ang pagsusulat ng iskrip? Bakit oo o bakit hindi?

3. Bakit mahalagang tingnan maigi ang bawat detalye ng pagtatanghal sa pagsusuri nito?




Isaisip

Kompletuhin ang linya upang mabuo ang kaisipan.

1. Ang set o tagpuan ay _____
2. Ang ilaw ay nakatutulong upang _____
3. Ang kasuotan at make-up ay nakatutulong _____
4. Ang iskrip ay _____
5. Ang kasuotan at make-up: angkop ba ang kasuotan at make-up para sa _____
6. Ang tunog at musika ay _____



Binabati kita sa iyong pagsisikap na makasunod sa mga panuto sa bawat gawain. Ngayon ay muling patunayan ang iyong galing sa kasunod pang gawain.



Isagawa

Sumulat ng iskrip ng dulang panteatro mula sa alinmang Kabanata 46-64 na naaayon sa sumusunod na pamantayan.

Pamantayan	Bahagdan %
Nilalaman	50%
Pagkakaugnay	25%
Pagpili ng mga salita	25%
Kabuuan	100%



Tayahin

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat bilang. Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat ito sa kuwaderno.

1. Tawag sa may pangunahing papel sa itatanghal na dula.
A. Pangunahing tauhan C. Bida
B. Katulong na tauhan D. Kontrabida
2. Ito ay pag-aanalisa o pag-oobserba upang mabigyan ng linaw ang mga tamang tanong ukol sa pinanonod.
A. Pagsusuri C. Panonood
B. Pananaliksik D. Pagsusulat
3. Ano ang tawag sa uri ng panitikan na naglalayong maitanghal sa isang entablado? Mayroon itong isa o higit pang yugto ng mga pangyayari na nagbibigay ng aliw at kapupulutan ng aral.
A. Kuwento B. Dula C. Alamat D. Pabula
4. Ito ay tawag sa mga nagsisiganap ng papel sa isang pagtatanghal.
A. Artista B. Bida C. Kontrabida D. Ekstra
5. Tinatawag din itong tanghalan, bulwagan o dulaan kung saan naganap ang sining sa kaalaman ng pag-arte.
A. Lugar B. tagpuan C. Teatro D. Klasrum

Ang mga tanong para sa bilang 6-10 ay batay sa napanood na video clip. (<https://m.facebook.com/story.php?storyfbid=3225269984183174&id=1000001006112068>)

6. Ilang tauhan ang bumuo sa pagtatanghal?
A. 3 B. 4 C. 1 D. 2
7. Sa pananghaliang naganap, sino ang paring biglang sumulpot at nakisali?
A. Padre Sibyla B. Padre Salvi C. Padre Tasyo D. Padre Damaso
8. Para kanino ang ipinatayong paaralan ni Crisostomo Ibarra?
A. Bayan B. Pamilya C. Matatanda D. Kabataan
9. Naging angkop ba ang kasuotan ng mga nagsiganap?
A. Oo B. Hindi C. Katamtaman D. Medyo
10. Sa kanilang pagtutunggali, ano ba ang ugat at dulo nito?
A. Sa pagpapatayo ng paaralang Academya ni Ibarra.
B. Pagkamalupit ng isang pari
C. Mga hinanakit sa kapwa.
D. Pagmamalasakit sa kapwa.




Karagdagang Gawain

Gawin ito sa kuwaderno.

“Ano sa palagay mo ang kahalagahan ng panonood ng dulang panteatro?”



Magaling!! Binabati kita sa matiyaga mong pagsama sa ating paglalakbay. Alam kong hindi naging madali ang mga gawaing ito ngunit mahusay mo itong nalampasan at matagumpay mong natutuhan ang mahahalagang konsepto sa ating aralin. Ngayon handa ka na sa paglalakbay sa kasunod na kabanata.



Susi sa Pagwawasto

TAYAHIN
1.C
2.B
3.B
4.A
5.C
6.A
7.D
8.D
9.B
10.C

TUKLASIN
Talasalitaan
1. kinumbinsi
2. pinagmasdang maigi
3. nayayamot
4. panlalait
5. manggagawa
6. humiwalay
7. pag-iisip ng malalim
8. naisiwalat
9. pasilyo
10. pighati

SUBUKIN
A.
1. Pagsusuri
2. Dula
3. Teatro
4. Artista
5. Bida
B.
1./
2./
3./
4.x
5.x

Sanggunian

Aklat

Dillague, Nora M. et al. 1996. Modyul sa Noli Me Tangere
Quezon City: Souvenir Production Inc.

Internet

<https://m.facebook.com/story.php?storyfbid=3225269984183174&id=1000001006112068>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph